ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVI Blg. 15
Nobyembre 21, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Labanan ang ibayong panghihimasok at pagpapakat ng pwersang militar ng US

Ang pagdating ni US President Obama sa Pilipinas para sa pagpupulong ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) ay naging okasyon para sa lalong pag-igting ng panghihimasok ng US at dagdag pang pagpapakat ng mas maraming barkong pandigma nito sa South China Sea. Ang ilan sa mga ito ay pinatatauhan at pinahahawakan sa militar ng Pilipinas.

Itinatakwil ng mamamayang Pilipino ang hungkag na deklarasyon ni Obama na "balot-sa-bakal na komitment sa pagdepensa" sa Pilipinas. Layunin lamang nitong bigyang-matwid ang pagpapakat ng mga pwersa nito sa bansa. Inanunsyo rin niya ang plano na "ilipat" ang dalawang pinaglumaang barkong pandigma ng US sa Pilipinas para tahasang ipatanggap sa mamamayang Pilipino ang tagibang na Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Nagtalumpati ang pinunong imperyalista sakay ng barkong Gregorio del Pilar ng Philippine Navy nitong Nobyembre 17 nang dumating siya sa bansa. Muli niyang pinagtibay at iginiit ang kanyang kapangyarihan at paghahari nang sumakay at mag-inspeksyon siya sa barko, na dating gamit ng US Coast Guard, at asikasuhing mistulang kumander ng mga humihimod na upisyal ng AFP.

Dahil sa kanyang walang hanggang pagkapapet sa US, tinagurian ni Obama si Aquino bilang "mahalaga at pinagtitiwalaang kaibigan ng United States."

Binabatikos ng mamamayang Pilipino ang imperyalistang pinunong si Obama dahil sa panloloko niya na malaking tulong sa Pilipinas ang "paglilipat" ng mga pinaglumaan nitong mga barkong pandigma. Ang totoo, ang gayong paglilipat ay pagpapakat lamang ng mga kagamitang militar ng US sa rehiyon. Pinahahawak ito sa mga sinanay na tauhan ng AFP. Ang halos P450 milyong gastos sa paglipat sa BRP Gregorio del Pilar ay kinuha sa pondong Malampaya na direktang hawak ni Aquino.

Lalong idiniin ni Obama na ang mga barkong inilipat sa AFP ay bahagi ng estratehiya ng US na pagpusisyon ng mga kagamitang militar nito sa iba't ibang panig ng mundo. Matapos siyang mag-inspeksyon, pinasalamatan niya ang mga upisyal ng AFP sa pag-aalaga sa barko ng US. Kasunod nito'y idineklara niya na mahalaga para sa "seguridad ng rehiyon" ang maypwersang nabal na nakikipagtulungan sa US.

Sinasamantala ng imperyalistang hepe ang paggigiit ng Pilipinas ng soberanyang panteritoryo nito laban sa China at ng matagal nang pagiging palaasa ng Pilipinas sa militar ng US. Ang layunin ng US ay maipasok nito ang kanyang pwersang militar at itulak ang kanyang pagpapakat ng pwersa at mga operasyong pagpapakitang-lakas sa South China Sea at sa rehiyong Asia-Pacific.

Dapat lubusang iwaksi ang pi-



nalalabas ng US na ito'y para sa "kalayaan sa paglalayag" na para bang ito'y mga prinsipyong unibersal samantalang ito nama'y mga salitang inimbento lamang ng US para igiit na sila ang kokontrol sa mga rutang pangkalakalan sa South China Sea.

Sa buong mundo, ipinapataw ng US ang kapangyarihan nito sa lahat ng mga rutang pangkalakalan, mga *oil pipeline,* pinagkukunan ng mga hilaw na materyales at mga larangan ng pamumuhunan. Ang pagkontrol ng US sa mga ito ay nagsisilbi sa layuning bigyang-laya ang mga kumpanyang US na kumamkam ng supertubo. Ginagamit rin ng US ang mga banta at aktwal na pagpapataw ng mga kaparusahang pang-ekonomya upang paluhurin ang mga bansang anti-US tulad ng North Korea, Russia, Venezuela at Cuba.

Pinalalabas ng US na ang China ay kalaban ng "kalayaan sa paglalayag" sa South China Sea at inuupatan ang galit ng China sa pamamagitan ng pagpapalibot dito sa karagatan at pagtutulak ng pagbubuo ng alyansang militar sa ilalim ng kanyang pamumuno. Sa kanyang talumpati, inanunsyo ni Obama na maglalaan ang US ng karagdagang $250 milyon para palakasin ang mga pwersang nabal ng Pilipinas, Indonesia, Japan, Malaysia at Vietnam. Naglaan ng $79 milyon sa Pilipinas na ngayo'y pinakamalaking tumatanggap ng ayudang pandagat sa rehiyon.

Ang pagpihit militar ng US patungo sa Asia mula 2011 ay tinugon ng gubyernong China ng agresibong pagtataboy ng mga pumapalibot na barkong pandigma ng US at ng pagpapatatag ng presensya nito sa South China Sea, sa kapinsalaan ng soberanyang panteritoryo ng Pilipinas. Sa paggigirian sa isa't isa, niyuyurakan kapwa ng US at China ang teritoryong pandagat at sonang pang-ekonomya ng Pilipinas na kinikilala sa ilalim ng internasyunal na batas.

Naninindigan ang mamamayang Pilipino laban sa nagpapatuloy na militarisasyon at ang pagpapalakas ng armadong lakas sa South China Sea kapwa ng US at China.

Sa pagtataguyod ng hangarin para sa pambansang paglaya, iginigiit ng mamamayang Pilipino ang pagbabasura sa EDCA. Ang EDCA ay nagbibigay-daan sa muling pagtatatag ng mga baseng militar ng US at lalong pagpapakapal ng presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa. Ibayong itinutulak ng gubyernong US ang EDCA upang higit na patatagin ang paggamit sa Pilipinas bilang lunsaran ng mga operasyon para palibutan ang China at manghimasok sa rehiyong Asia-Pacific.

Kinukundena ng mamamayang Pilipino ang pakikialam ni Obama sa pagtulak sa Supreme Court ng Pilipinas na pagtibayin ang EDCA. Sinusuportahan nila ang pinagtibay na resolusyon ng 15 senador na naggigiit na dapat isalang sa senado ang kasunduang militar. Bibigyan nito ng pagkakataon ang mamamayang Pilipino na puspusang ilantad at labanan ang EDCA.

Dapat kundenahin at labanan ng mamamayang Pilipino ang papet na rehimeng Aquino. Hinahayaan ng mga papet na Amboy sa gubyerno ni Aquino at sa pamunuan ng AFP at PNP na yurakan ng imperyalismong US ang soberanya ng Pilipinas sa todo-largang panghihimasok nito sa ekonomya, pulitika at militar.

Dapat ibayong isulong ng mamamayang Pilipino ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan. Dapat paalingawngawin nila ang sigaw para sa pagpapalayas sa lahat ng dayong pwersang militar, laluna ang mga tropang Amerikano at ang kanilang mga barkong pandigma, submarino, mga *jetfighter*, *drone* at iba pang kagamitang pandigma na naka-istasyon sa Pilipinas.

Dapat itulak ng mamamayang Pilipino ang isang malayang patakarang panlabas, igiit ang pambansang soberanya sa mga teritoryong pandagat at *extended continental shelf* ng Pilipinas at igiit ang demilitarisasyon ng South China Sea. AB

ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 15 | Nobyembre 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

Nilalaman

Editoryal: Labanan ang ibayong panghhimasok-militar ng US	1
Mga protesta kontra-APEC	3
Mga Lumad, ibinimbin	4
Aresto at detensyon para sa APEC	5
Asembleya ng ILPS	5
Aquino, itinulak ang TPP	6
Hustisya para sa Kentex	7
Anibersaryo ng Luisita masaker	7
Biguin ang OpBay	8
Atake sa Batangas	9
Karahasan laban sa Lumad	10
Bagsak na produksyon sa Samar	11
Mga nakaligtas sa Yolanda	12
Mga atake sa France, kinundena	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pagbabawal sa protestang kontra-APEC, malawakang sinalungat

TUWIRANG hinamon ng mamamayan ang mapanupil na pagbabawal ng rehimeng US-Aquino sa mga protesta laban sa pagpupulong ng mga lider ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC). Sunud-sunod na naglunsad ng mga kilos protesta ang iba't ibang grupo laban sa APEC kahit nauna nang idineklara ng rehimen ang mga "no-rally zones" at pinagpasyahang hindi magbibigay ng permit sa mga rali.

Sa huling araw ng APEC Summit noong Nobyembre 19, ilanlibong raliyista ang nakipaggitgitan sa mahigit 20,000 pulis at sundalo na ipinakat sa Metro Manila, pangunahin na sa Buendia Avenue, upang makapagrali malapit sa pinagdarausan ng pagpupulong. Nakalapit sila nang halos kalahating kilometro bago binomba ng tubig at pinagpapalo ng *truncheon* ng mga pulis na diumano'y nangangalaga ng katahimikan para sa mga dayuhang delegado. Mahigit 15 raliyista ang nasugatan. Ilang linggo bago nito, sunud-sunod na ang mga kilos protesta sa Metro Manila laban sa APEC.

Nobyembre 18. Umaga, naglunsad ng raling-iglap ang mga myembro ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at iba pang progresibong organisasyon sa kanto ng Taft at Buendia Avenue sa Pasay City.

Samantala, hinarang ng mga pulis sa McArthur Highway sa Pampanga ang mga dyip na lulan ang mga kasapi ng Migrante na dadalo sa protesta.

Nobyembre 17. Naglunsad ng maikling rali ang mga kabataan sa harap ng US Embassy sa Maynila sa Roxas Boulevard. Ipinagbawal ang paglalakad sa kahabaan ng daan sa buong panahon ng APEC Summit.

Pagkatapos nito ay dumalo ang mga kabataan sa International Students Day Summit sa National Press Club sa Intramuros bago bumalik sa US Embassy bandang alas-5 ng hapon.

Nobyembre 13. Libu-libong kabataan at estudyante mula sa mga paaralan at unibersidad ang nagmartsa papuntang Mendiola sa pamumuno ng Kabataan Partylist, Anakbayan at League of Filipino Students. Sinunog nila doon ang logo ng APEC at mga larawan nina Aquino, Obama at Xi Jinping.

Nobyembre 12. Nagpiket ang Gabriela sa harap ng US Embassy laban sa APEC at sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Nobyembre 9. Nagprotesta ang mga kabataang kasapi ng Anakbayan-Metro Manila sa Gate 7 ng Malacañang kung saan sinunog nila ang simbolo ng APEC. Binatikos nila ang anim na taong panunungkulan ni Aquino na nagresulta sa kahirapan ng mamamayan dahil sa pagtulak niya ng mga patakarang neoliberal. Binansagan nila siyang "maglalako ng bayan."

Nobyembre 7. Nagtipon ang mga manggagawang kasapi ng KMU sa Liwasang Bonifacio. Ayon sa kanila, pinalalala ng mga patakarang neoliberal ang disempleyo sa bansa, nagpababa sa sahod at nagtulak ng kontraktwalisasyon.

Pagsasalubong ng hilaga at timog

Nagsimulang magbyahe noong Nobyembre 17 patungong Maynila ang mamamayan mula sa Hilagang Luzon sa tinaguriang Martsa Amianan. Ilang beses na hinarang ng mga pulis ang kanilang caravan. Kabilang dito ang pagharang sa isang bus ng mga delegado mula sa Ilocos Region sa Barangay Bio, Tagudin, Ilocos Sur bandang alas-8 ng gabi. Dumating sa Maynila ang delegasyon kinabukasan.

Noong Nobyembre 18, inilunsad ang salubungan ng mga grupo mula sa Cordillera, Northern at Southern Luzon at mga Lumad ng Mindanao sa Tulay ng Mendiola sa Manila sa isang martsa ng pagkakaisa laban sa globalisasyon. Sa isang ritwal, nagpalitan ang mga Igorot at Lumad ng mga sagisag ng pagkakaisa tulad ng kalasag at *say-ang* (sibat) mula sa mga taga-Cordillera, at kalasag at sinturon ng *beads* mula sa mga Lumad.

Bago nito, dumating ang grupo ng mga Mangyan mula sa Southern Tagalog upang maglunsad ng mga rali sa US Embassy at Korte Suprema noong Nobyembre 13. Noong Nobyembre 16, nagmartsa sila, kasama ang mga katutubong Dumagat, papasok ng Makati kung saan marahas silang binuwag ng mga pulis.

Protesta ng NDFP

Daan-daang kasapi ng mga lihim na pambansa-demokratikong organisasyon sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang nagdaos ng raling-iglap noong Nobyembre 14. Binaybay ng mga raliyista ang Avenida Rizal sa Sta. Cruz at nagsunog ng bandila ng US at simbolo ng APEC. Dala ng mga aktibista ang mga plakard at sumigaw ng mga islogang nananawagan para sa pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan at pagbubunyi sa Partido Komunista ng Pilipinas. AB

Mga Lumad, ibinimbin dahil sa APEC

NAGMISTULANG bilanggo sa loob ng bakuran ng Baclaran Church sa Parañaque City ang mga Lumad na kalahok sa Manilakbayan mula nang mapunta sila roon noong Nobyembre 13. Hindi sila makalabas sa bakuran ng simbahan para dumalo sa mga kilos protesta laban sa APEC dahil binabantayan ng daan-daang pulis, apat na bus at mga *container van* ang lahat ng tarangkahan ng simbahan.

Noong Nobyembre 14, pinuntahan mismo ni Police Chief Supt. Nestor Quimsay ng Police Community Relations Group ang mga lider ng Lumad sa simbahan para pagbawalan silang ituloy ang mga protesta laban sa APEC. Hindi ito pinaunlakan at pagdating ng gabi, dumating ang mga pulis at mga trak na nagbarikada sa simbahan.

Pinigilan ng pulis ang paglabas ng isandaang Lumad na nakasakay ng dyip papunta sa Iglesia Filipina Independiente National Cathedral sa Maynila na nag-alok sa kanila ng matutuluyan. Kinumpiska pa ang lisensya ng tsuper na kasapi ng Piston.

Sa simbahan ng Baclaran nagpunta ang mga Lumad matapos paalisin sa kanilang Kampuhan sa Liwasang Bonifacio bilang bahagi ng ginagawa ng rehimeng US-Aquino na “paglilinis” para sa APEC. May hawak silang permit mula sa lunsod ng Maynila para manatili rito hanggang Nobyembre 22 mula nang manggaling sila sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City. Bahagi rin ng “paglilinis” na ito ang pagdampot o pagtaboy sa mga batang lansangan. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 5.)*

Kaya’t nagpalipad na lamang sila ng mga saranggolang may nakasulat na "Junk APEC," at “Save our Schools," mula sa kampanaryo ng simbahan noong Nobyembre 18 upang makasabay sa mga kilos protesta ng iba pang grupo sa labas. Kasabay nito, nagpalipad rin ng *drone* ang militar para gipitin at tiktikan ang mga nagpuprotesta. Hindi rin sila pinayagang sumama sa malaking rali noong Nobyembre 19.

Noong Nobyembre 15, binisita sila ng mga delegado ng International League of Peoples’ Struggles (ILPS) na nagsagawa ng kanilang *press briefing* sa mismong bakuran ng simbahan ng Baclaran. Ipinahayag ng ILPS ang kanilang pakikiisa sa pakikibaka ng mga Lumad.

Bago pigilan ng mga pulis sa Baclaran, nakapaglunsad ng iba’t ibang mga kilos protesta ang Manilakbayan. Noong Nobyembre 10, naglunsad ng parangal para sa Global Day of Action for IP (Indigenous Peoples) Heroes and Martyrs ang daan-daang katutubo sa pamamagitan ng mga awit, sayaw at sama-samang pagsumpa sa loob ng Kampuhan sa Liwasang Bonifacio. Nagsama-sama ang iba’t ibang mga grupo ng katutubo.

Pagkatapos ng parangal, nagrali ang mga grupo sa harap ng upisina ng Toronto Ventures Inc. Resources and Development, isang kumpanyang Canadian na nagmimina sa mga lupa ng Subanen sa Zamboanga, at sa DM Consunji Inc. na itinuturong responsable sa pagdukot kay John Calaba, isang Manobo.

Noong Nobyembre 9, nagmartsa sila mula sa People Power Monument sa Quezon City patungo sa himpilan ng AFP sa Camp Aguinaldo. Doon ay simbolikong pinagsasaksak nila ng sibat ang selyo ng AFP sa tarangkahan, at tinakpan ang islogan ng militar ng tarpaulin na laban sa Oplan Bayanihan.

Noong Nobyembre 6, binisita ng mga upisyal ng Liberal Party (LP) ang Kampuhan sa Liwasang Bonifacio, nag-alok ng tulong na pagkain, at nakiusap na huwag nang itutuloy ang protesta sa upisina ng LP sa Cubao, Quezon City. Itinuloy ng mga Lumad ang protesta sa araw ding iyon para igiit na ang kailangan nila ay ang pagtigil ng mga operasyong militar sa kanilang lupaing ninuno, hindi ang suhol na pagkain. Nobyembre 5, nagprotesta naman sila sa harap ng opisina ng Department of Justice sa Maynila.

Mula nang dumating sa Maynila noong Oktubre, marami na ang inaning suporta ng mga Lumad sa kanilang pakikibaka mula sa iba’t ibang sektor. Sa Kampuhan sa Liwasan kung saan lumipat sila galing sa kampus ng University of the Philippines-Diliman, binisita sila ng iba’t ibang mga organisasyon at personalidad na nagpahayag ng pakikiisa sa kanilang pakikibaka.

Kabilang sa mga sumuporta ang mga madre mula sa Sisters Association in Mindanao, si Luis Cardinal Tagle, dating Miss Philippines na si Ma. Isabel Lopez, komedyanteng si Mae Paner (Juana Change), Maine Mendoza (kilala bilang Yaya Dub) at mang-aawit na si Monique Wilson. Nagtanghal din sa Kampuhan noong Nobyembre 8 ang mga musikero mula sa Musikang Bayan, Musicians for Peace, Plagpul, General Strike at Tukar Sinati. Kabilang din ang mga mang-aawit na sina Bayang Barrios, Aiza Seguerra at ang *rapper* na si BLKD. Noong umaga bago sila paalisin sa Liwasang Bonifacio, pinaalmusal sila ng grupong Aldub Nation.

Sa huling araw ng Manilakbayan noong Nobyembre 20, pinuntahan ng mga tagasuporta ang mga Lumad para sa isang *solidarity night* bilang pamamaalam. Tatlong beses na hinarang ng mga pulis ang delegasyon ng Southern Tagalog bago ito nakatuloy sa simbahan ng Baclaran. AB

Mga iligal na pag-aresto at detensyon sa maralita

DAAN-DAANG maralita ang iligal na inaresto at ibinimbin ng rehimeng US-Aquino para "linisin" ang mga lansangang daraanan ng mga bumibisitang lider ng mga kasapi ng APEC Summit. Puspusan ang mga operasyong "paglilinis" mula Nobyembre 9 kung saan pwersahang tinanggal ng mga pulis ang mga paninda ng mga maralitang naninirahan at naghahanapbuhay sa paligid ng pagdarausan ng APEC Summit at mga dadaanan ng mga delegado nito.

Walang awang kinumpiska ng mga pulis ang mga paninda at iba pang pribadong ari-arian ng mga maglalako sa brutal na mga operasyong pagpapalayas. Pwersahan silang isinama at ikinulong sa mga pampublikong pasilidad kung saan mahigpit silang binantayan ng mga pulis at mga tauhan ng Department of Social Work and Development (DSWD) at Metropolitan Manila Development Authority (MMDA). Pinagsabihan silang makalalaya lamang pagkatapos ng pagpupulong ng APEC. Kabilang sa mga inaresto at idinetine ang 141 batang lansangan.

Bago nito, ilang buwan nang itinataboy ng DSWD ang mga nasa lansangan gamit ang *modified cash transfer program*. Sa ilalim nito, namumudmod ang DSWD ng P4,000 diumano'y pondong pangupa para sa isang buwan ang bawat pamilyang walang matirhan kapalit ng pag-alis nila sa lansangan. Ayon sa ulat ng DSWD mismo, umaabot sa 20,000 indibidwal ang inilipat nito sa ibang prubinsya o sa mga syudad sa Metro Manila na malayo sa pagdarausan ng pulong.

Malawakang kinundena ng mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao at ng simbahan ang pang-aabuso ng rehimen sa mga maralita sa ngalan ng "pagpapaganda" ng Metro Manila. AB

Asembliya ng ILPS, idinaos kasabay ng APEC

MAHIGIT 350 aktibista mula sa 40 organisasyon na kumikilos sa 91 bansa ang dumating sa Pilipinas nitong Nobyembre para idaos ang ikalimang asembliya ng International League of Peoples' Struggles (ILPS). Itinaon ang pulong ng ILPS para lumahok sa mga kilos protesta laban sa Asia Pacific Economic Cooperation.

Ang temang panawagan ng kumperensya ay "Para sa Daigdig na may Katarungang Panlipunan, Palakasin ang Pagkakaisa ng mga Mamamayan at Paigtingin ang Pakikibaka Laban sa Imperyalistang Pandarambong, Krisis at Gera".

Sa ulat ni Jose Ma. Sison, tagapangulo ng International Coordinating Committee ng ILPS, tinukoy niya na ito na ang pinakamalaki at pinakamalakas na pandaigdigang alyansa ng mga organisasyong anti-imperyalista at demokratiko. Ayon kay Sison, habang dapat pagibayuhin ng mga rebolusyonaryong pwersa at mga mamamayan ang pakikibaka sa kani-kanilang mga bansa, dapat patuloy silang magugnayan upang matuto sa isa't isa, magtulungan at magkoordinasyon.

Ayon naman kay Len Cooper, bise-presidente ng ILPS, itinaon nila ang kanilang asembliya sa pagdaraus ng APEC ay "lumilikha ito ng kaayusang pabor sa 1% ng pinakamayayaman at makapangyarihang mga korporasyon at indibidwal sa daigdig habang nagsasadlak sa natitirang 99% sa pagkasira ng kapaligiran, malawakang militarisasyon, mga sakunang katulad ng Yolanda, at kalunus-lunos na mga kundisyon sa paggawa..."

Pahayag ng ILPS, "mas makabubuti sa mundo kung walang APEC."

Isa sa mga dumalo sa ILPS si Leila Khaled, bantog na mandirigmang Palestino at myembro ng Popular Front for the Liberation of Palestine, na kinilala sa buong mundo bilang kauna-unahang babae na nang-*hijack* ng isang eroplano noong 1969.

Habang nasa bansa, ipinananawagan ng mga dayuhang delegado nito na igalang ng rehimeng US-Aquino ang kanilang mga demokratikong karapatan, kabilang ang karapatang magprotesta laban sa APEC at sa rehimen mismo.

Kasabay nito, kinundena ng ILPS ang teroristang pang-aatake sa mga sibilyan sa Paris, France noong Nobyembre 13 habang binabalaan ang rehimen laban sa paggamit nito sa pangyayari para higpitan at pagkaitan sila at ang mamamayang Pilipino ng karapatang magprotesta.

Anila, ang mga teroristang umaatake sa mga sibilyan ay mga likha rin ng mga imperyalista. Ayon kay Michelle Allison, delegado ng ILPS at myembro ng Kurdish National Congress, ang ISIS (Islamic State of Iraq and Syria) na likha ng US ay sumusunod sa padron ng iba pang mga grupong itinayo, inarmasan at pinondohan ng US na ngayo'y nawala na sa kanilang kontrol. Gayunpanman, mas napakikinabangan pa rin ng US ang mga grupong ito laluna sa pagpapatalsik ng mga rehimeng "di-mapagkaibigan" sa US, katulad ng Syria. Ang ISIS (o IS) ang nagpasimuno sa mga teroristang atake sa France at pangunahing nakabase sa Syria.

Binatikos din ng ILPS ang itinutulak ng US at buung-buong sinusuportahan ng rehimeng Aquino na Trans-Pacific Partnership (TPP.) Ayon kay Kate Lappin, tagapagkoordina sa rehiyon ng Asia Pacific Forum on Women, Law and Development, "tinitiyak ng TPP ang kalayaan ng mga korporasyon na mang-agaw ng lupa at rekurso nang walang pananagutan at ang kakayahan ng mga ito na pagsamantalahan ang mga manggagawa." Iligal ang TPP dahil niyuyurakan nito ang mga batas ng mga bansa at pinipigilan ang mga gubyerno na gumawa ng mga batas na kikiling sa interes ng mamamayan laban sa mga korporasyon, dagdag pa niya. AB

Aquino, Obama itinutulak ang paglahok ng Pilipinas sa TPP

Magkasamang inianunsyo noong Nobyembre 19 ni President Aquino at President Obama ang planong ipaloob ang Pilipinas sa Trans-Pacific Partnership (TPP). Kung matuloy, magbubunga ito ng ibayong pagbabaklas ng mga patakaran at batas na nagbibigay-proteksyon sa pambansang patrimonya ng Pilipinas.

Ang inanunsyong planong pagsapi ng Pilipinas sa TPP ay ginawa sa okasyon ng pagdating ni Obama sa Pilipinas para sa pulong ng mga lider ng APEC. Ang mahabang sikretong negosasyon para sa TPP ay natapos noong unang linggo ng Nobyembre. Inaprubahan at isinapubliko ng mga negosyador ng 12 bansa sa pangunguna ng US ang 5,500 pahinang kasunduan para sa TPP.

Ayon sa pribadong organisasyon sa pananaliksik na Ibon Foundation, ang TPP ang pinakamapanghimasok na kasunduan sa ekonomya sa kasaysayan. Tinatanggal nito ang nalalabing mga balakid para sa buong-layang operasyon ng mga dayuhang korporasyon.

Idinagdag ng Ibon na ang 30 mga probisyon sa iba't ibang sektor ng ekonomya ay nakatuon sa pagpapadali ng pagkamal ng tubo ng mga korporasyong transnasyunal mula sa mga manggagawa, likas na yaman, at pamilihang lokal ng mga bansang kaanib ng kasunduan. Ilan sa pinakamalupit na magiging hakbangin sa pagpapatupad nito ang sumusunod:

1. Tatanggalin ang halos lahat ng mga restriksyon sa kalakalan at pamumuhunan. Aalisin ang taripa o buwis sa 18,000 kalakal kabilang na ang 1,900 produktong agrikultural. Babawasan ng hanggang kalahati ang kasalukuyang singil sa pag-angkat ng iba pa katulad ng karne, baka at baboy sa susunod na mga taon. Kasabay nito, magpapataw ng kota sa libu-libong toneladang iaangkat na bigas at gatas para sa pakinabang ng US at Australia.

2. Bubuuin ang sistema ng *international dispute settlement* (IDS o internasyunal na sistema ng pagresolba sa alitan) na kokontrolin ng malalaking korporasyon at di bukas sa publiko. Wala itong pananagutan sa publiko dahil hindi ito kontrolado ng mga gubyerno. Ang mga lokal na batas ay papailalim sa awtoridad ng IDS. Lilimitahan nito ang kapangyarihan ng mga pamahalaan upang bigyan ng higit na laya ang malalaking kapitalista sa pagkamal ng tubo.

3. Sa ngalan ng pagtatanggol sa “pag-aaring intelektwal,” lalong magtutuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng gamot, mga libro, programa sa kompyuter, at iba pa. Ang higit na masaklaw na epekto ay ang pagsikil sa pag-unlad ng lokal na syensya at teknolohiya.

Isa sa mga pangunahing diin ng US ang pagtatanggol sa pag-aaring intelektwal dahil sa pananaw nitong bentahe sa ekonomya nito ang "high-tech." Sa larangan ng medisina, ginagarantiya ang eksklusibong karapatang magbenta ng ilang espesyal na patentadong gamot sa loob ng limang taon.. Halimbawa nito ang mga bakuna at ilang gamot sa kanser.



Liban dito, inoobliga ng TPP ang mga gubyerno na gumawa ng batas, regulasyon, patakaran o kautusan para tanging mga programa sa kompyuter na may lisensya ang gamitin sa lahat ng mga ahensya ng gubyerno. Dahil monopolyo ng Microsoft ang *operating system* ng mga kompyuter, malaking tubo ang makakamal dito dahil hindi makalilipat ang mga gubyerno sa walang bayad o higit na mura at *open source* na mga *software* o programa sa kompyuter.

Titiyakin rin ang ekslusibong karapatan ng mga korporasyon na gamitin ang mga tatak kahit mas nauna pang ginagamit ng isang mas maliit na empresa ang isang pangalan kaysa mas kilalang kumpanya.

Papatawan na ng parusang pagkabilanggo ang mga lalabag sa mga probisyon ng kasunduan, dagdag sa obligasyong magbayad ng multa. Para sa mga "seryosong" paglabag, maaaring samsamin ang mga pribadong ari-arian.

Magpapataw din ng mabigat na parusa sa paglantad ng mga sikreto sa produksyon ng mga kumpanya upang mapigilan ang pagsisiwalat ng mga ito. Parurusahan din ang di-awtorisadong pag-imbak at pamamahagi ng mga produktong kanta, bidyo o babasahin sa pamamagitan ng internet.

Hindi kailangang iratipika ng lahat ng 12 bansang pasimuno ng TPP ang kasunduan para magkabisa ang kasunduan. Kailangan lamang ang pahintulot ng kalahati ng mga bansa para maipalaganap ito.

Itinutulak ng rehimeng Aquino na maging kaanib ng TPP ang Pilipinas simula nang maupo ito sa poder. Sa nakaraang limang taon, isinabatas at ipinatupad nito ang iba't ibang patakarang rekisito para makapasok sa kasunduan. Kabilang dito ang batas laban diumano sa

monopolyo, ang pag-amyenda sa *cabotage law* at ibayong pagbubukas sa sektor ng pagbabangko sa dayuhang pamumuhunan at pag-aari.

Lantarang itinutulak ng imperyalismong US ang pagbabago sa konstitusyong 1987 bilang pinakarekisito sa pagsapi ng Pilipinas sa TPP. Aktibo rin sa pagtutulak nito ang Partnership for Growth, isang internasyunal na kalipunang pinopondohan ng US ng US$729 milyon (P35 bilyon), na pinasok ni Aquino noong 2011. Bilang tugon, ilang beses na tinangka ng mga alipures ni Aquino sa Kongreso at Senado na ilusot ang "economic charter change" o ang pagbabago sa mga probisyong proteksyunista sa konstitusyong 1987.

Samantala, lumalawak ang pagtutol sa TPP at ang katuwang nitong kasunduan sa kabilang panig ng daigdig, ang Trans-atlantic Trade and Investment Partnership (TTIP).

Idineklara ng mga eksperto ng United Nations na iligal pareho ang TPP at TTIP. Anila, palalalain lamang ng mga ito ang kahirapan, pahihirapan ang negosasyon sa mga pagpapautang at isasapanganib ang mga karapatan at kabuhayan ng mga mamamayang minorya, mga indibidwal na may kapansanan, mga matatanda, at iba pang indibidwal na nasa bulnerableng kalagayan.

Sa US, nagsagawa ng mga kilos-protesta ang isang koalisyong kinabibilangan ng 63 organisasyon sa Washington, D.C. noong Nobyembre 16-18, kasabay ng pagpupulong ng APEC.

Noong Oktubre 21, may 250,000 mamamayan ang nagdaos ng rali laban sa TTIP sa Berlin, Germany, habang tatlong milyong mamamayan ng Europe ang pumirma sa petisyon laban dito.

Sa Japan, tuluy-tuloy ang mga protesta laluna laban sa mga probisyong kaugnay sa kalakalan ng gamot. AB

Mga biktima ng Kentex, wala pa ring hustisya

ANIM na buwan na ang nagdaan noong Nobyembre 13, hindi pa rin nabibigyan ng hustisya ang mga biktima ng sunog sa Kentex.

Ayon sa Kilusang Mayo Uno (KMU), ang mga kasong isinampa ng mga manggagawa laban sa mga may-ari ng Kentex ay nakatengga sa upisina ng piskal sa Valenzuela. Ang kasong administratibo naman na isinampa ng mga manggagawa laban kina Labor Sec. Rosalinda Baldoz at dating Sec. Mar Roxas ay hindi inaaksyunan ni Ombudsman Conchita Carpio-Morales.

Kahit naibigay na ng SSS (Social Security Service) ang mga benepisyo ng namatay na mga manggagawa, hindi pa rin nito ibinibigay ang mga benepisyo ng mga manggagawang nakaligtas sa sunog. Gayundin, hindi rin ito nagsasampa ng kaso laban sa mga may-ari ng Kentex na hindi nag-remit ng kontribusyon ng mga manggagawa.

Sa halip na asikasuhin ang mga nakasampang kaso, nagsampa ang Department of Labor and Employment (DOLE) nitong Nobyembre ng asuntong *copyright infringement* laban sa Kentex dahil sa paggaya nito sa tsinelas na tatak Havaianas ng Brazil. Pasikat ito ng rehimen sa mga delegado ng APEC.

Noong Nobyembre 1, nagpiket sa harap ng DOLE ang KMU bilang paggunita sa kamatayan ng mga manggagawang nasawi sa iba't ibang mga aksidente sa pagawaan na hanggang ngayo'y hindi pa nabibigyan ng hustisya. Ang limang pinakamalalang kaso ng aksidente sa pagawaan sa panahon ni Aquino ay ang Kentex (mahigit 74 na patay, Mayo 13, 2015), Novo Jeans and Shirts (17 patay, Mayo 9, 2012), Eton Towers (11 patay, Enero 27, 2011), Semirara Mining Corp. (9 na patay, Hulyo 17, 2015), at Asia Micro Tech (8 patay, Mayo 30, 2014).

Nagbabala ang KMU na ang mga patakarang pagkakaisahan sa APEC ay lalong magpapalala sa kalagayan ng mga manggagawa na magdudulot ng mas marami pang aksidente dahil pahihinain nito ang umiiral na mga batas na nagtitiyak sa kaligtasan ng mga manggagawa at lilikha ng mga bagong batas na magpapalaki sa tubo ng mga kapitalista.

Anibersaryo ng masaker sa Hacienda Luisita, ginunita

GINUNITA ng mga magbubukid ng Hacienda Luisita at ng kanilang mga tagasuporta noong Nobyembre 16 ang ika-11 taon ng masaker sa Hacienda Luisita. Isinagawa ang kilos-protesta sa Ninoy Aquino Memorial Shrine sa Quezon City sa pamumuno ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP.) Lumahok sa pagkilos ang mga dayuhang delegado ng International League of People's Struggles.

Ayon kay Rafael Mariano, tagapangulo ng KMP, "maaaring nalimutan na ni Aquino at ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang pangyayari ngunit hindi malilimutan ng mga Pilipino ang masaker sa Hacienda Luisita...hanggang ngayon, wala pa ring hustisya ang mga biktima."

Kasabay nito, nagsindi ng kandila ang mga manggagawa sa pamumuno ng Kilusang Mayo Uno (KMU.) Iniugnay nila sa pagdaraos ng APEC ang kawalang hustisya sa mga biktima at ang nagpapatuloy na pagsupil sa mga karapatan sa pag-uunyon. Ayon sa KMU, "ang pinakamabuting paraan ng pagpaparangal sa mga martir ng Luisita ay ang pagpapatuloy ng kanilang pakikibaka para sa mas mabuting daigdig ...laban sa malalaking dayuhan at lokal na kapitalista at mga instrumento nila tulad ng APEC."

Noong Nobyembre 16, 2004, pinaputukan ng mga pwersa ng estado ang mga magbubukid at manggagawa na nagwewelga sa Central Asucarera de Tarlac sa Hacienda Luisita, Tarlac City. Pito ang namatay at daan-daan ang sugatan. Ang isinampang kaso laban sa mga nagmasaker ay dinismis ng Ombudsman sa panahon ng panunungkulan ni Aquino.

Lahatang-panig na labanan ang Oplan Bayanihan

Habang papalapit ang pagtatapos ng anim-na-taong kontra-rebolusyonaryong Oplan Bayanihan (OpBay), animo'y asong ulol ang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa paghahasik ng pasistang karahasan laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Ito ay sa harap ng kabiguan nitong kamtin o makalapit man lamang sa itinakda nitong layuning "ipalawang-saysay ang BHB" pagsapit ng 2016.

Nililinlang ng AFP ang sarili nito sa pagsasabing mula katapusan ng 2014 hanggang Marso 2015 ay nakalahati nito ang lakas-tauhan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Hungkag ang pagmamayabang nitong handa na itong ipasa sa Philippine National Police (PNP) ang pagpapatuloy ng kampanyang kontra-insurhensya.

Bigung-bigo ang reaksyunaryong estado sa pagkamit ng itinakda nitong mga layunin ng OpBay sa larangan ng pulitika at militar. Noong 2012, inamin mismo ng pamunuan ng AFP na bigo ito sa hangad nitong palahukin sa kontra-rebolusyon ang mga grupo at sektor na tinagurian nitong "stakeholder" sa "peace and development."

Sa desperadong tangkang habulin ang kanilang mga target, ikinasa ng AFP ang malaking kampanyang militar sa mga larangan ng digma sa Mindanao simula ng 2014. Ibinuhos nito ang ilang dibisyon at iba pang yunit panserbisyo sa ilalim ng Eastern Mindanao Command sa paniniwalang "ang pagbagsak sa Mindanao ay ... magpapabagsak sa rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa."

Nagdeklara at nagkasa rin ang Southern Luzon Command (SolCom) ng katulad na ambisyosong kampanya na gawing "conflict-manageable" hanggang maging "insurgency-free" ang mga prubinsya ng Quezon, Mindoro, Sorsogon at Masbate sa panahong 2015-2016.

Mayroon ding katulad na kampanya ng iba't ibang *area command* at Infantry Division sa iba pang mga rehiyon na kinatampukan ng matitinding "triad operations" o mga kampanya at operasyong paniktik at kombat na kakombina ng mga kampanyang civilian-military operations (CMO o psy-ops).

Pagpapatuloy ng programang kontra-rebolusyon

Inihahanda ng kaaway ang panibagong planong pang-operasyon kasabay ng pagpasok ng bagong reaksyunaryong rehimen mula sa ikalawang hati ng 2016. Asahan nang itutuloy nito ang malaking aspeto ng OpBay laluna ang pinalalakas na aspetong pampulitika kaakibat ng pinaigting na mga operasyong militar.

Malaking pondong imperyalista ang ibinuhos ng mga institusyon tulad ng International Monetary Fund, World Bank, mga dayong bangko at mga korporasyon sa proyektong saywar sa Pilipinas. Layunin nitong wasakin ang rebolusyonaryong armadong pwersa, na isa sa nananatiling mayroong makabuluhang pwersa sa buong mundo. Ang AFP ang pangunahin at pinakamaaasahang organisasyon ng imperyalismong US at ng mga naghaharing uri sa "counter-insurgency" kung kaya't ipinaiilalim ang mga ito sa intensibong pagsasanay batay sa mga manwal ng US.



Base sa mga plano ng AFP, palalakihin at gagawing mas matalim at kumplikado ang mga atake nito sa larangan ng pulitika sa pagbibigay ng malaking pokus sa "non-combat military operations" o mga operasyong sibiko-militar, saywar at paniktik, habang sinusustine ang presyur pangmilitar sa mga prayoridad nitong lugar at target.

Tungo rito, kailangang detalyadong pag-aralan ang psy-ops at mga taktikang saywar ng kaaway dahil maaaring ipagpatuloy ng susunod na rehimen ang mga paraang napatunayang "epektibo" sa panlilinlang at pandarahas.

Bangkarote sa kaibuturan

Bigo ang reaksyunaryong estado at ang imperyalismong US na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng iba't ibang kumbinasyon ng atake sa militar, pulitika, sosyo-ekonomiko, kultura at impormasyon sa nakalipas na mahigit 40 taon. Dahil dito, "ipinihit" ng mga ito ang OpBay mula sa tinawag nitong mga operasyong "nakasentro sa kalaban" tungong "nakasentro sa mamamayan" gamit ang "whole-of-nation initiative" (WNI o inisyatibang buong-bayan.) Ito ang pinag-iibayo, masugid na sinusunod at pinaghuhusay ngayon ng AFP at ng rehimen sa balangkas ng Oplan Bayanihan. Gamit nito ang paraang "nakasentro sa mamamayan" para linlangin ang taumbayan at ilayo sila sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa ilalim ng WNI, pinakikilos ang iba't ibang ahensya ng gubyerno, sa pangunguna ng militar, upang maglunsad ng iba't ibang pakitang-taong programa para palabasing tinutugunan ng reaksyunaryong gubyerno ang mga pangangailangan ng mamamayan. Pagpapaunlad diumano ito sa konseptong "naka-

sentro sa kalaban" o pagdurog sa lakas-militar ng mga pwersang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng mga operasyong "search and destroy," o ang paggamit ng purong lakas-militar lamang, kasabay ng panaka-nakang "civic-action operations" na solong isinasagawa ng AFP.

Sinisikap ng AFP na makuha ang suporta at paglahok ng iba pang mga sektor sa "counter-insurgency." Isa itong tangkang basagin ang malapad na nagkakaisang prenteng suporta ng rebolusyonaryong kilusan at pagkaitan ito ng suporta ng mga panggitnang pwersa at hilahin palayo ang mga nahuhuling seksyon ng masa. Gamit nito ang panlilinlang, pananakot, pagpaslang-bilang panakot, mga anti-komunistang indoktrinasyon, panunuhol, mga anti-sosyal na aktibidad at gawi, at iba pa.

Puspusan nitong pinakikilos ang mga ahensya ng estado tulad ng Department of Interior and Local Government, Department of Social Work and Development at Department of Agrarian Reform sa kani-kanilang natatanging papel.

Ginamit din sa WNI ang mga organisasyon ng "civil society" at mga NGO, laluna sa hanay ng kabataan at estudyante at akademya, mga propesyunal, mga negosyante, midya, samahang relihiyoso, at iba pang grupong repormista't reaksyunaryo sa hanay ng mga panggitnang pwersa.

Itinatag ng AFP ang Philippine Army Multisectoral Advisory Board sa pambansang antas, na kinabibilangan ng mga kilalang personalidad sa akademya, midya, NGO (non-governmental organization) at iba pa para magsilbing "sibilyang mukha" ng Oplan Bayanihan. Isinangkot nito ang mga grupong nakabase sa komunidad, tulad ng mga konseho sa munisipal at barangay, mga samahang magsasaka, relihiyoso, sibiko, pangkalikasan, konseho ng mga nakatatandang katutubo, mga Parent-Teacher Association at mga tulad nito.

Liban pa ang mga ito sa mga sadyang kontra-rebolusyonaryong grupong itinatayo ng militar tulad ng Civilian Volunteers Organization, CAA, CAFGU, Barrio Intelligence Network at iba pa.

Upang linlangin ang mamamayan, gumagamit ang AFP ng mga pamamaraan na kinopya sa pagkilos at pakikitungo sa masa ng mga yunit ng BHB. Gayunman, malalantad din sa kalaunan ang kanilang pamemeke dahil kontra-mamamayan sa kaibuturan ang kanilang mapanlinlang na "Pro-democracy Counter-People's War" (maka-demokrasyang kontra-digmang bayan). Sumusunod pa rin ito sa estratehiyang inilatag sa manwal ng US laban sa insurhensya (US Counter-insurgency Guide 2009.)

Lahatang-panig na labanan ang Oplan Bayanihan

Kailangang puspusang labanan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang Oplan Bayanihan sa lahatang-panig na paraan. Upang ganap itong mabigo, kailangang masusing pagplanuhan ang paglaban dito ng Partido, hukbong bayan, nagkakaisang prente at mga organo ng kapangyarihang pampulitika at ng buong rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran. Kailangan ang 'ngipin-sangipin' na pakikipaglaban sa larangan ng ideolohiya, pulitika, militar, ekonomya, kultura, propaganda at *social media*. Kontra-mamamayan ang kaibuturan ng Oplan Bayanihan; hindi "kontra-BHB" lamang na katulad ng ipinamumukha't ipinalalaganap ng AFP at reaksyunaryong estado.

Kailangang pakilusin ng rebolusyonaryong kilusan ang buong mamamayan sa paglaban sa Oplan Bayanihan dahil winawasak nito ang tanging katuparan ng adhikain nila na lumaya sa malaon at papatinding makauring pagsasamantala at pang-aapi, panlipunang pagkaatrasado at kahirapan sa ilalim ng sadlak sa krisis na malakolonyal at malapyudal na lipunan. Kailangang mailuwal ang malakas na kampanya at kilusang masa upang itakwil ang kontra-insurhensyang patakaran ng reaksyunaryong estado.

Sa saligan, bangkarote at anti-mamamayan ang ideolohiya at programang nasa likod ng Oplan Bayanihan. Ito ay reaksyunaryo't naglalayong panatilihin ang mapang-api, mapagsamantala, kontra-nasyunal at kontra-mamamayang sistema ng lipunan. Pinatatakbo ito ng papet, pasista, mapanlansi at korap na rehimen.

Ang reaksyunaryong mga katangiang ito ay sadyang ikinukubli habang pinagsusumikapang uk-ukin ang pampulitikang base at lakas ng BHB at buong rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pabalat-bungang proyektong pang-ekonomya, panlalansi, panliligalig at pandarahas, habang itinutulak ang BHB sa purong-militar na labanan kung saan nakalalamang ang lakas at superyoridad ng kaaway. AB

Gwardyang militar ng planta, inatake sa Batangas

HINARAS ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Batangas (Eduardo Dagli Command) ang detatsment ng Air Force na nakabase sa loob ng Batangas Coal Fired Thermal Power Plant (Calaca Power Plant) na nasa Calaca, Batangas noong Nobyembre 14.

Nagsisilbing gwardya ng plantang nagpoprodyus ng 600-*megawatts* ang mga elemento ng militar ng National Power Corporation. Noong 2009, binili ito ng kumpanyang Consunji, isa sa pinakamalaking kumprador sa bansa.

Matagal nang inirereklamo ng mamamayan sa Calaca at kalapit na munisipalidad ang *power plant* dulot ng nakasasamang epekto nito sa kalusugan at kabuhayan ng mga residente.

Karahasan laban sa Lumad, nagpapatuloy

Nagpapatuloy ang pamamaslang at panggigipit sa mga Lumad sa Mindanao. Noong Nobyembre 7, pinatay ng mga elemento mula sa Alamara, isang grupong paramilitar na nakapailalim sa 68th IB si Datu Manliro Landahay sa Talaingod, Davao del Norte. Si Datu Landahay ay myembro ng konseho ng Salugpongan Ta Tanu Igkanugon.

Sa Cabanglasan, Bukidnon noong Oktubre 27, binaril at tinaga hanggang mamatay si Mankombete Mariano, 48 sa harap ng kanyang 10-taong gulang na apo. Tinukoy ang maysala na isang elemento ng paramilitar na grupong De la Mance, na nakapailalim sa 8th IB.

Noong Nobyembre 12, sinunog ng mga elemento ng 23rd IB at ng grupong paramilitar nito ang tirahan ng mga guro ng isang maliit na eskwelahan ng Alcadev (Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development, Inc.) sa Barangay Padiay, Sibagat, Agusan del Sur. Sinunog din ng mga sundalo ang narseri na nasa likod ng eskwelahan at ang 2,500 metro-kwadradong demo farm ng mga estudyante.

Sa harap ng malawak na panawagan para patalsikin ang mga yunit ng militar at kanilang mga grupong paramilitar sa Surigao del Sur, lalupang pinalakas ang presensya nito sa lugar. Nitong Nobyembre, itinalaga ng militar sa prubinsya ang 2nd Special Forces Battalion na galing pa sa isla ng Bohol.

Nagkakampo ang batalyon sa Barangay Tina sa bayan ng San Miguel, isa sa mga pinanggalingan ng mga bakwit. Nakapailalim din sa batalyon ang dalawa pang kumpanya ng Special Forces ng 7th at 9th ID. Dagdag ang bagong batalyon at dalawang kumpanya sa 36th IB at 75th IB na nag-ooperasyon sa prubinsya.

Pagmimina, puno't dulo ng militarisasyon at pamamaslang

Kinumpirma ng isang *international fact-finding mission* (IFFI) ang ugnayan ng militar, mga grupong paramilitar at mga kumpanya ng pagmimina sa Surigao del Sur at Agusan del Sur. Sa pangunguna ng Friends of the Lumad in Caraga, kasama ang mga dayuhang abugado sa ilalim ng International Association of People's Lawyers at mga taong-midya mula sa Vice News UK, isinagawa ang imbestigasyon sa pinakamilitarisadong mga lugar sa Surigao del Sur noong Oktubre 26-30.

Ang mga lugar na ito ay nasa loob at nakapaligid sa Andap Valley Complex, isa sa huling mga lugar na mayaman sa karbon (coal) at ginto pero hindi pa napapasok ng malalaking kumpanya. Isinagawa ang IFFI sa gitna ng pagbabanta ng militar sa mga dayuhang myembro nito.

Sa ilalim ng rehimeng US-Aquino, higit na ibinukas ang Andap sa operasyon ng mga lokal at dayuhang kumpanya sa pagmimina. Ilan sa mga nabigyan na ng pahintulot na magmina ng karbon sa lugar ang Benguet Mines ng pamilyang Romualdez, Abacus Coal Exploration and Mining Corporation ng Canada, Great Wall Mining and Power Corporation ng China, at SKI Mining and Exploration Corporation. Ibinigay ng gubyerno ang mga lisensya sa kabila ng mariing pagtutol dito ng mga residente at mga grupong tagapagtanggol sa kalikasan at mga karapatan.

Alinsunod sa ulat ng IFFI, hindi pa man napalalayas sa kani-kanilang mga komunidad ang mga Lumad, ipinwesto na ng mga kumpanya ang kanilang mga makinarya at pwersang panseguridad sa mga lugar na sasaklawin ng kanilang mga operasyon.

Kinakatulong ng naturang mga kumpanya ang mga Lumad na dati nang sangkot sa pagmimina at mahigpit na nakaugnay sa militar. Isa rito si Kalpet Egua, isang Lumad na nagpapatakbo ng minahan ng ginto sa hangganan ng dalawang barangay sa Prosperidad at Bayugan.

Si Egua, kasama ng kanyang bayaw na si Marcial Belandrez, at si Marcos Bocales, ang bumuo at namumuno sa Magahat-Bagani. Ang paramilitar na ito ang nagsagawa ng masaker sa Lianga noong Setyembre 1 at pumaslang kay Henry Alameda, pinuno ng Malahutayong Pakigbisog Alang sa Sumusunod (Mapasu), noong 2014.

Direkta ang ugnay ng militar at reaksyunaryong estado kina Egua, Belandrez at Bocales. Noong 2009, ipinakilala ng 58th IB si Bocales bilang "kumander" ng Task Force Gantangan-Bagani Force (TFG-BF) sa isang pampublikong seremonya na dinaluhan ng mga kinatawan ng lokal na gubyerno at mamamayan. Ayon mismo kay Col. Benjamin Pedralvez, noo'y pinuno ng 58th IB, binuo ang TFG-BF para "panatilihin ang kapayapaan at kaayusan" sa mga komunidad na saklaw ng Mapasu.

Noong 2014 naman, matapos paslangin ng grupo ni Egua si Henry Alameda, itinulak ng National Commission on Indigenous Peoples ang mga Lumad na pumailalim kay Egua bilang rekisito sa pagbabalik nila sa kanilang mga komunidad. Nitong Setyembre, iniharap ng militar si Belandrez sa isang *press conference* bilang "datu" para akusahan ang mga Lumad na nagbakwit mula sa Diatagon na "mga NPA" o mga tagasuporta nito. AB

Bagsak na produksyon sa Samar

Sa buong Samar, bagsak ang produksyon ng palay, mais at niyog. Tuluy-tuloy na lumalala ang mababang produktibidad ng lupa at ang atrasado, maliitan at hiwa-hiwalay na paraan ng pagsaka. Lalo pa itong pinalala ng salantang dulot ng bagyo at ang kawalan ng tulong pangkalamidad mula sa reaksyunaryong gubyerno.

Kabilang ang mga ito sa natukoy sa isinasagawang pananaliksik ng Partido at BHB sa Eastern Visayas.

Noong 2014, umabot lamang sa 51 sako ang ani kada ektarya sa kapatagan samantalang 28 sako naman sa *banika* (sakahan sa bundok), ang pinakamababa sa rehiyon ng Eastern Visayas (EV.) Sa niyugan, tinatayang aabot lamang sa 25% ang aanihin ngayong 2015 kumpara sa ani bago ang bagyong Ruby. Bibilang pa ng isang taon bago ganap na makabawi ang mga nasalantang niyog at walong taon bago maging produktibo ang mga niyog na tinanim pagkatapos ng bagyo.

Sa isang larangang gerilya, karaniwang sangkapat na ektarya lamang ang sinasaka ng bawat pamilya. Karaniwang pitong sakong palay lamang ang naaani ng isang pamilya sa isang taon. Katumbas lamang ito ng apat na sakong bigas na malayo sa kailangang 24 na sakong bigas ng isang pamilyang may limang myembro. Madalas, dalawang beses na lamang sa isang araw naghahain ng kanin ang mamamayan. Noong napeste ng daga ang sakahan, ang inaning palay ay katumbas lamang ng itinanim na binhi.

Mababang kita, kahirapan at kagutuman

Makaraan ang bagyong Ruby noong Disyembre 2014, P62,000 na lamang ang kinikita sa isang taon ng bawat pamilya. Katumbas lamang ito ng P172 kada araw o P34 kada tao sa pamilyang may lima-katao. Ito lamang ang kita kahit pa dalawa na sa pamilya ang babad sa araw at ulan sa walong oras na arawang trabaho sa bukid. Para makatulong, nagsisimula nang tumulong sa pagsaka ang bata sa murang edad ng 12.

Labis na mababa ang P172 kumpara sa arawang sahod pang-agrikultura na umaabot sa P241, at mas masahol pa, sa "disenteng" pamumuhay na nasa P1500 kada araw sa pambansang antas.

Dati nang mahirap ang EV kumpara sa ibang rehiyon. Sa katunayan, pangalawa ito sa pinakamahirap na rehiyon bago ang bagyong Yolanda. Pero ngayong 2015, ito na ang pinakamahirap sa buong bansa. Anim sa kada 10 pamilya ang nagtitiis ng kahirapan at kagutuman.

Liban sa kriminal na kapabayaan ng rehimeng US-Aquino, patuloy ang pananalasa ng gawa-ng-taong kalamidad tulad ng pagtotroso, malawakang pagmimina at militarisasyon na direktang sabotahe sa kabuhayan at buhay ng masang anakpawis. Kinokorap na nga ang pondo sa kalamidad, nagawa pa ng Department of Social Welfare and Development na pagkakitaan ito sa anyo ng diumanong "tulong pinansya" na ipinapautang sa halagang P10,000 at pinababayaran ng P640 kada buwan sa loob ng dalawang taon, o katumbas ng 54% na interes. Para sa mas malaking kurakot, ang badyet sa pagkumpuni ng mga gusali tulad ng eskwelahan na napinsala ng bagyo ay ipinondo sa KALAHI-CIDDS. Ibig sabihin, ang donasyon sa kalamidad ay ginagamit sa kontra-insurhensyang programa ng reaksyunaryong gubyerno.



Pyudal at malapyudal na pagsasamantala

Ang papatinding pyudal at malapyudal na pagsasamantala ang patuloy na nagbabaon sa masang magbubukid sa kumunoy ng kahirapan at kagutuman.

Laganap ang konsentrasyon ng lupa sa niyugan at sakahan hindi lamang sa gilid kalsada, kundi maging sa interyor na mga baryo. Kalahati ng kalupaan ng isang baryo sa gilid-kalsada, halimbawa, ay kontrolado ng panginoong maylupa. Kahit sa interyor na baryo, sang-apat sa mga sakahan ay pinauupahan. Dahil dito, nakapagdidikta ng mapagsamantalang kundisyon ang panginoong maylupa na pabor sa kanyang makauring interes.

Isang halimbawa ang niyugang may 1.5 ektarya. Ang dating inaaning 1,500 pirasong niyog bago ang bagyong Ruby ay 400 na lamang nitong Marso. Nitong Nobyembre, tinatayang 600 pa lamang ang makukuha. Hati sa dalawa ang sistema ng partehan sa pagitan ng magbubukid at panginoong maylupa.

Sa kwentada, umaabot ang gastos sa P3,700, kung saan P1,200 ang lakas paggawa, P1,750 ang pagkain at P750 ang karyada o hornal. Sa hornal lamang nakikihati ng gastos ang panginoong maylupa samantalang isinasabalikat ng magsasaka ang lahat ng iba pang gastusin sa produksyon.

Ang 1,500 pirasong niyog ay umaabot lamang sa 375 kilong kopras. Sa presyong nakapako sa P17 kada kilo, pumapatak lamang sa P6,375 ang kabuuang (gross) kita ng magbubukid. Dahil

50-50 ang hatian, abonado pa ang magsasaka ng P137.50. Samantala, ang panginoong maylupa na walang partisipasyon sa trabaho ay may malinis na kitang P2,812 o 105% ng netong kita. Sa buong taon, umaabot ito ng P8,437.50 sa tatlong beses na pagkopras.

Hindi na kataka-taka kung palaging bangkarote ang mga magsasaka. Napipilitan silang lumapit sa mga usurero. Laganap sa erya ang *perde gana*, isang porma ng usura kung saan binabayaran ng palay ang utang na pera. Ang utang na P300 sa panahon ng kaingin ay pinapabayaran ng isang sakong palay na may halagang P1,000 sa panahon ng anihan. Nangangahulugang 233% ang interes sa loob lamang ng lima hanggang anim na buwang pagkakautang.

Ang busabos na pamumuhay ng hikahos na magsasaka ay pinalalala ng pambabarat ng presyo ng mga agrikultural na produkto. Halos hingiin na lamang ang mga produkto sa mga magbubukid sa baba ng presyo.

Masahol pa, dinadaya sila sa timbang ng bigas na ipinagbibili ng mga magsasaka. Sa paunti-unting kaltas sa bawat gatasan, walo hanggang walo't kalahating gatasan na lamang, imbes na siyam, ang isang gantang bigas.

Kung ang magsasaka naman ang magbebenta ng kanyang produkto, karaniwang may diperensyang isa hanggang dalawang kilo ang kada 50 kilong tinitimbang. Hindi pa kasama rito ang tarha o resikada na arbitraryong ipinapataw sa mga produktong agrikultural tulad ng kopra.

Sobrang baba ng sweldo ng mga manggagawang bukid sa erya. Sa *banika*, P100 hanggang P150 lamang ang arawang sweldo. May ilang erya pa na binabayaran lamang ng P30 ang kalahating araw ng trabaho. Samantala, sa kapatagan at niyugan, P100 hanggang P200 ang arawang sweldo, kumpara sa P241 na dapat na sahod sa mga agrikultural na erya sa bansa. AB

Sa ikalawang taong anibersaryo ng Yolanda

Pagpapahirap sa mga nakaligtas, kinundena

Dalawang taon mula nang masalanta ng bagyong Yolanda, daan-daan libong mamamayan pa rin ang hirap na hirap, walang maayos na pabahay, at hindi nakatatanggap sa ipinangakong tulong ng rehimeng US-Aquino. Ito ang pahayag ng humigit-kumulang 100 biktima nang magpunta sila sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) Regional Office 8 sa Tacloban noong Nobyembre 17 para igiit ang kagyat na pamamahagi ang atrasado nang Emergency Shelter Assistance (ESA) sa mga nakatira sa No Dwelling Zone (NDZ).

Matapos ang mainit na tunggalian, pumayag si DSWD Regional Director Nestor Ramos na susulat siya ng rekomendasyon kay DSWD Secretary Corazon Juliano-Soliman na ipamahagi ang ESA, taliwas sa Memorandum Circular No. 24 o ESA Guidelines na nagbabawal ng tulong salapi sa mga nakatira sa NDZ.

Sa pamumuno ng People Surge, ilanlibo ang nagrali noong Nobyembre 8 sa iba't ibang bahagi ng Leyte at Samar, kabilang ang mga nagmartsa sa San Juanico Bridge. Pahayag ng alyansa, nagkakaisa ang mga biktima sa paniningil kay Aquino at sa kanyang mga kroni sa pagpapabaya sa mga biktima.

Sa Tacloban City, nagpinta ng *mural* sa pader ng DYVL sa Noblejas Junction ang mga nagpoprotesta at mga grupo ng pintor mula sa University of the Philippines-Tacloban.

Sa Roxas City, Capiz, hindi bababa sa 5,000 ang nagrali sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Sa Iloilo, 3,200 ang lumahok sa dalawang rali na pinamunuan ng Bayan at ng Task Force Buliganay, kahit hindi nagbigay ng permit ang gubyernong panlunsod. Tinuligsa ng mga nagprotesta ang korapsyon, pamumulitika at atrasadong pamamahagi ng rehimen ng tulong. Ipinananawagan din nila ang pagbabasura ng Memorandum No. 24.

Sa Kalibo, Aklan, 1,000 ang nagmartsa patungong Crossing Banga-New Washington. Sa umaga bago nito, lumahok ang 100 sa protestang pagtakbo mula Pastrana Park hanggang tulay ng Kalibo-Numancia.

Nagpalayag din ang mga protester ng maliliit na bangka sa Ilog ng Lagatik sa New Washington, Aklan, na may mga islogan na "Hustisya para sa mga Biktima ng Yolanda."

Noong Nobyembre 6 naman, nagsagawa ng protesta sa dagat ang mga mangingisda ng Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA) sa Barangay Tambak, New Washington, Aklan. Inilunsad din ang isang *fluvial protest* sa Samar. Dumaong ang mga maglalayag sa Cancabato Bay malapit sa City Astrodome ng Tacloban kung



saan sinalubong sila ng mga myembro ng People Surge sa isang “Salubungan”.

Kriminal na kapabayaan. Batbat ng korapsyon ang programa ng rekonstruksyon at rehabilitasyon ng rehimen. Noong Hulyo, nasa P47 bilyon lamang sa kabuuang P170 bilyong pondo ang nailaan nito sa mga proyekto.

Inamin mismo ng rehimeng Aquino na umaabot lamang nang 8.6% sa kabuuang target nitong pabahay ang naitayo nito sa nakaraang dalawang taon. Sa Tacloban, mahigit 1,600 pa lamang na bahay ang naitayo sa target na 16,230 at 470 lamang ang aktwal na natitirahan dahil sa kawalan ng sistema ng tubig dito. Sa kabila nito, patuloy na ipinagkakait ng DSWD ang ESA sa mga nangangailangan dito. Sa kabilang banda, halos 92% na sa mga pampublikong gusali ang nakumpuni sa ilalim ng programang Public-Private Partnership na pabor sa malalaking kumprador.

Kinundena ng National Democratic Front-Eastern Visayas (NDF-EV) hindi lamang ang patuloy na kriminal na kapabayaan ng rehimeng US-Aquino sa mga nakaligtas sa bagyo kundi pati ang ipinapataw nitong dagdag na pahirap sa mamamayan sa rehiyon. Ayon kay Fr. Santiago Salas, tagapagsalita ng NDF-EV, sa gitna ng matinding kainutilan at korapsyon, itinutulak ng rehimen ang paglalatag ng Tacloban-Palo-Tanauan Tide Embankment na magpapalayas ng puu-puong pamilya sa mga lugar sa tabing-dagat na sasakupin nito. Ang proyekto, na nagkakahalaga ng P7.9 bilyon, ay popondohan ng utang mula sa Japan International Cooperation Agency at ilalatag mula 2015 hanggang 2020.

Isa lamang ang proyektong ito sa mga dayuhang "ayuda" na sa aktwal ay mga utang na nakatali sa mga interes ng dayuhang mamumuhunan. Halimbawa nito ang pautang ng Asian Development Bank na $500 milyon para sa mga proyektong "pangkaunlaran" sa rehiyon at $372 milyon para sa mga proyektong nakatuon laban sa rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng KALAHI-CIDSS ng DSWD.

Ilan pang programang “kontra-insurhensya" na pinopondohan ng mga imperyalistang institusyon ang mga proyektong rekonstruksyon, pagbubuo ng mga *agrarian reform community*, 4Ps (Pantawid Pamilyang Pilipino Program) at mga proyektong kalsada. Kasabay nito ang panghihimasok ng US Agency for International Development sa mga komunidad sa Tacloban at Leyte sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga klasrum at tindahang sarisari. AB

Itigil ang mga pag-atake sa mga sibilyan—PKP

NAKIISA ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pagkundena sa masaker ng humigit-kumulang 140 mamamayan sa Paris, France noong Nobyembre 13. Ang pagpapasabog ng bomba sa isang *football stadium,* at pagpapaulan ng bala sa isang konsyerto at mga restawran ay inako ng nagpapakilalang Islamic State (IS, kilala din bilang ISIS.)

Ang maramihang pagpatay sa mga sibilyan ay isang reaksyunaryo at pasistang krimen laban sa sangkatauhan. Antidemokratiko at kontra-mamamayan ang mga grupong gumagawa ng ganitong mga krimen. Katulad nila sa pagiging reaksyunaryo at pasista ang alyansa ng mga mananalakay na pinamumunuan ng US na gumawa ng katulad na nakahihilakbot na malalaking krimen sa mga nagdaang taon sa Syria, Iraq at Afghanistan.

Kinundena ng PKP ang pinatinding gerang paghihiganti at kontra-paghihiganti ng ISIS at ng imperyalistang alyansang pinamumunuan ng US na patuloy na inilulunsad laban sa mga sibilyang populasyon.

Binatikos rin ng PKP si French Prime Minister Francois Hollande sa paglulunsad nito ng walang-awang pambobomba sa Syria sa diumano'y mga balwarte ng ISIS. Sa isang brutal na paghihiganti, naghulog noong Nobyembre 16 ng hindi bababa sa 20 bomba ang mga eroplanong pandigma ng France sa lunsod ng Raqqa sa Syria, na ikinamatay ng ilampung sibilyan.

Patuloy na lumalaki ang bilang ng mga sibilyang namamatay sa imperyalistang gerang agresyon na pinamumunuan ng US laban sa Syria. Nitong nakalipas na mga linggo, tinatarget ng mga pambobomba ng US at mga alyado nito sa Syria ang mga *oil pipeline, electrical grid* at iba pang sibilyang imprastruktura, na labag sa mga internasyunal na makataong batas.

Bukod sa malaking bilang ng mga napapatay na sibilyan, malawakang paghihirap din ang idinudulot ng mga pag-atake at paghihiganti ng mga pasistang terorista sa mga sibilyang populasyon. Sila ang lubusang naghihirap sa mga pambobomba ng mga pwersa ng NATO, na pinamumunuan ng US, at maging sa pamamaril at pambobomba ng nagsasabing mga "pundamentalista" sa loob ng Iraq, Syria, Kurdistan, Turkey at sa iba pang lugar. Malakihang bilang na ng mga tao ang lumilikas mula sa gera.

Nananawagan ang PKP sa mamamayan ng mundo na bumangon laban sa mga imperyalista at lahat ng pasista at teroristang pwersa at igiit ang pagpapatigil sa mga gerang agresyon, paghihiganti at kontra-paghihiganti. AB